



## COVID-19 VACCINATION

# Bakit ang aking taga-empleyo sa pag-aalaga ng mga matatanda sa bahay o sa komunidad ay nagtatanong kung nabakunahan na ako laban sa COVID-19?

Ang impormasyon ay kasalukuyan noong ika-4 Hunyo 2021

Ang pagbabakuna ang pinakamabisang proteksyon laban sa COVID-19. Ang pagprotekta sa mga matatandang Australyano sa komunidad at mga nag-aalaga sa kanila ay isang prayoridad.

Kaya mahalaga na maintindihan ng mga pamahalaan at mga tagapagbigay ng pangangalagang tirahan sa mga matatanda kung ilan na ang mga manggagawa sa paalagaan ng mga matatanda ang nabakunahan na laban sa COVID-19. Ang impormasyong ito ay makakatulong na maunawaan ang mga peligro sa mga residente at mga manggagawa na nag-aalaga sa kanila, bilang bahagi ng paghahanda at pagpapalano sa isang pagsiklab ng COVID-19.

Kung may pagsiklab ng COVID-19 sa inyong pasilidad, mahalagang malaman ang bilang ng mga trabahador na nabakunahan na para sa paglalagay ng mga pangproteksyong hakbang para sa mga hindi pa nababakunahan.

Ang Australian Immunisation Register ay nagtatala ng pagbabakuna sa lahat ng tao. Ngunit hindi nito isinali ang impormasyon tungkol sa iyong trabaho o inyong taga-empleyo.

Ang Pamahalaan ng Australya ay nagpapakilala ng isang bagong kagamitan sa pag-uulat para sa mga aprubadong tagapagbigay ng mga serbisyo sa paalagaang tirahan ng mga matatanda, at mga serbisyo sa pangangalaga ng matatanda sa bahay at sa komunidad, para sa layuning ito. Ito ay kasalukuyan nang magagamit ng mga tagapagbigay ng serbisyo nang boluntaryo sa pamamagitan ng My Aged Care.

Habang noong una ang pag-uulat ay boluntaryong ginagawa, mariing hinihikayat ngayon ang mga aprubadong tagapagbigay ng serbisyo na magsimulang mag-ulat kada linggo tungkol sa:

- kabuuang bilang ng mga manggagawa sa bawat serbisyo ng paalagaang tirahan ng mga matatanda
- kabuuang bilang ng mga manggagawa sa bawat serbisyo na nabakunahan na ng isang dosis laban sa COVID-19
- kabuuang bilang ng mga manggagawa sa bawat serbisyo na nabakunahan na ng kumpletong dosis laban sa COVID-19.

Ang pag-uulat ay magiging pormal na kahingian para sa mga tagapagbigay ng mga serbisyo sa paalagaan ng matatanda sa bahay at sa komunidad sa mga darating na linggo. Samantala, ang mga tagapagbigay ay hinihikayat na kusang-loob na mag-ulat sa katayuan ng pagkakabakuna ng kanilang mga manggagawa bilang bahagi ng kanilang paghahanda at pagpapalano laban sa Covid -19.

Ang pag-uulat ay magiging pormal na kahingian para sa mga aprubadong tagapagbigay ng mga serbisyo sa paalagaang tirahan ng mga matatanda mula sa ika-15 ng Hunyo 2021.

### **Paano ito makakaapekto sa akin?**

Ang iyong lugar ng trabaho ay makikipag-usap sa iyo tungkol sa kanilang pamamaraan ng pagkolekta at pag-uulat ng impormasyon tungkol sa bilang ng mga manggagawa sa pasilidad na nabakunahan na ng isang dosis at ang mga nakakumpleto na ng dosis ng bakuna laban sa COVID-19.

Mahalagang malaman mo na ang pagbabakuna laban sa COVID-19 ay boluntaryong ginagawa. Ito ang pinili mo noong nagdesisyon ka kung magpapabakuna o hindi. Nasa iyo rin kung ipapaalam sa taga-empleyo o hindi na nabakunahan ka na laban sa COVID-19. Mahalaga rin na naiintindihan mo na ang dahilan kung bakit ang impormasyong ito ay kinokolekta ay upang maprotektahan ang mga inaalagaan mo.

### **Anong mga impormasyon sa aking lugar ng trabaho ang kokolektahin at iuulat?**

Ang iyong lugar ng trabaho ay magbibigay ng sumusunod na impormasyon sa Kagawaran ng Kalusugan (Department of Health):

- kabuuang bilang ng mga manggagawa sa bawat serbisyo ng paalagaang tirahan ng mga matatanda
- kabuuang bilang ng mga manggagawa na nabakunahan na ng isang dosis laban sa COVID-19
- kabuuang bilang ng mga manggagawa na nabakunahan na ng kumpletong dosis laban sa COVID-19.

Ang impormasyon na iuulat ng inyong lugar ng trabaho ay hindi magpapakilala sa sinumang indibidwal. Kasamang iuulat ang lahat ng tao (pati mga boluntaryo) na nagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalaga ng mga matatanda sa mga bahay o sa komunidad.

### **Kailangan ko bang ipaalam sa aking taga-empleyo kung nabakunahan na ako laban sa COVID-19?**

Hindi. Ito ay iyong desisyon ngunit hinihikayat ka na ibahagi ang impormasyon sa iyong taga-empleyo bilang bahagi ng paghahanda at pagpapalano sa inyong serbisyo laban sa COVID-19. Inaasahan na ikaw at ang iyong taga-empleyo ay magkakaroon ng isang marespetong pag-uusap upang:

- ipaliwanag kung bakit humihingi sila ng impormasyon tungkol sa mga pagbabakuna laban sa COVID-19 mula sa mga manggagawa
- matiyak na naiintindihan mo na nasa inyong pagpili kung gusto mong mapabakuna laban sa COVID-19
- matiyak na naiintindihan mo na ang iyong pagkapribado ay mapoprotektahan, at

- matiyak na alam mo ang iyong karapatan na tumanggap magbigay ng impormasyong ito.

### **Kailangan ko bang magpakita ng anumang katibayan sa aking pagkakabakuna laban sa COVID-19 kung handa akong ibahagi ang impormasyong ito sa aking taga-empleyo?**

Hindi. Ito ay desisyon mo. Pag-uusapan ninyo ng iyong taga-empleyo kung paano iulat ang iyong pagkakabakuna laban sa COVID-19, kung handa kang ibahagi ang impormasyong ito sa kaniya. Sa mga manggagawa na pumapayag, baka gusto mong ibigay sa taga-empleyo ang:

- isang katibayan ng pagbabakuna o iba pang ebidensya mula sa nagbigay ng bakuna, o
- isang pahayag ng kasaysayan sa pagkakabakuna na maaaring makuha mula sa Medicare online o sa Express Plus Medicare mobile app.

Maaari ka ring magbigay ng:

- isang napirmahang deklarasyon o
- isang ulat mula sa isang manggagamot.

### **Saan ako pwedeng makakuha ng impormasyon na makakatulong sa aking pagdesisyon kung magpapabakuna ako laban sa COVID-19?**

Ang inyong pasilidad ay nakatanggap ng hanay ng [impormasyon at mga materyales na makakasuporta sa mga manggawa](#) sa pagdesisyon tungkol sa pagpapabakuna laban sa COVID-19, at makatulong sa mga manggagawa na malaman kung saan sila makakapagpabakuna. Kabilang dito ang impormasyon na naisaling-wika sa [19 na mga wika](#). Maaari ka ring makakuha ng impormasyong ito sa [health.gov.au](http://health.gov.au) website.

Mahalagang kumuha ng mga mapagkakatiwalaan at maaasahang impormasyon tungkol sa mga bakuna laban sa COVID-19, bakit mahalaga ang pagbabakuna at kung paano makakapagpabakuna.

**Para sa dagdag na impormasyon, mangyaring tumawag sa Department of Health sa Email: [AgedCareCOVIDLiaison@health.gov.au](mailto:AgedCareCOVIDLiaison@health.gov.au) o tawagan ang inyong Unyon para sa payo at suporta.**